

# Mga Marriage Licence

Pwede na ngayon ang walk-in services para sa mga marriage license o sa pamamagitan ng pagpapa-appointment. Pakirebyu ang mga hinihingi sa ibaba bago pumunta sa City Hall o bago magpapa-appointment.

Ang mga seremonya ng kasalang sibil ay available sa pagitan ng Martes hanggang Biyernes lamang (na may eksepsyon sa mga Holiday na Ipinag-uutos ng Batas) sa panahon ng mga oras lamang na may pasok sa opisina. I-book ang inyong seremonya ng kasal [dito](#).

Bago magpakasal sa Ontario, kailangan muna ninyong kumuha ng isang marriage license. Ang isang marriage licence ay hindi pwedeng iiisu matapos maganap ang seremonya ng kasal. Ang mga marriage license ay maaaring makuha mula sa karamihan ng mga munisipyo sa Ontario at balido para sa mga seremonya ng kasal na magaganap saanman sa Ontario sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pag-isyu.

## Pagkuha ng isang Marriage Licence

Ang mga marriage license ay maaaring makuha sa pamamagitan ng [appointment](#) o walk-in na serbisyo (first-come/first served).

1. Kumpletuhin ang [Online Application ng Marriage Licence](#) - bibigyan kayo ng isang reference number, pakitandaan ito dahil kakailanganin ninyo ito kapag magpunta sa City Hall.

o

2. I-print, kumpletuhin at pirmahan ang papel ng [Application sa Marriage Licence](#) at dalhin ito sa City Hall. Mag-book ng isang [appointment para sa inyong](#) marriage licence o magpunta sa City Hall bilang isang walk-in - mag-check in sa kiosk pagkadating ninyo:

- Ang isa o dalawang aplikante ay maaaring dumalo at kailangang magdala ng -
  - Pinirmahang papel ng application sa pagpapakasal o reference number kung ang application ay isinumite online
  - Dalawang piraso ng ID para sa dalawang partido - tingnan ang listahan ng katanggap-tanggap na ID sa ibaba
  - Orihinal na pagpapatunay ng diborsyo sa Canada, kung angkop
  - Foreign Divorce Authorization mula sa Lalawigan ng Ontario, kung angkop - tingnan ang karagdagang impormasyon sa ibaba

TANDAAN: Kung ang ID ay gumagamit ng ibang salita na hindi Ingles, kailangang ibigay ang sertipikadong salin, kasama ang orihinal na mga dokumento. Ang sertipikadong salin ay kailangang ibigay ng isang tagasalin o translator na sertipikado sa Canada na kabilang sa isang rehistradong samahan ng pagsasalin sa loob ng Canada. Sa Ontario, ang [Association of Translators and Interpreters of Ontario \(ATIO\)](#) ay ang rehistradong samahan ng pagsasalin.

## Bayad

\$165.00 (hindi angkop ang HST) - tinatanggap ang debit, credit card (Visa, MasterCard at American Express) at cash. Hindi na maire-refund ang bayad sa marriage licence.

## Mga Hinihinging ID

- Dalawang (2) piraso ang kailangan, bawat aplikante
- Ang dalawang piraso ng ID ay kailangang orihinal (**hindi tinatanggap ang mga photocopy at/o mga certified copy**)
- Ang dalawang piraso ng ID ay kailangang hindi expired
- Ang isang piraso ng ID ay kailangang may letrato
- Ang isang piraso ng ID ay kailangang may pirma
- Ang dalawang piraso ng ID ay kailangang magbigay ng legal na pangalan at petsa ng kapanganakan

- Ang pangalan at apelyido ay kailangang katugma sa dalawang piraso ng ID (at ang middle name/inisyal kung ilagay ito sa marriage licence)
- Ang sertipiko ng pagpapalit ng pangalan ay kailangang ibigay kung angkop
- Ang lahat ng ID ay kailangang nasa wikang Ingles o French o kailangang may kasamang salin, sertipikado ng Association of Translators & Interpreters of Ontario (ATIO)

### **Tinatanggap ng mga Uri ng Identipikasyon**

- Pasaporte ng Canadian o Dokumento ng Pagbibiyaha ng Canadian
- Pasaporte mula sa ibang bansa
- Birth Certificate
- Canadian Citizenship Card o Sertipiko
- Driver's Licence
- ID Card na May Letrato na Inisyu ng Pamahalaan
- Permanent Residence Card
- Certificate of Indian Status Card
- Nexus Card
- Military ID
- Rekord ng Immigrant Landing
- Balidong Dokumento ng Claimant ng Canadian Refugee Protection

### **Hindi Tinatanggap ng mga Uri ng Identipikasyon**

- Social Insurance Card (SIN)
- Health Card
- Study Permit, Work Permit o VISA
- Rekord ng kapanganakan batay sa pananampalataya
- Electoral ID o dokumento
- Lisensya sa panggingisda o iba pang sport
- ID badge sa lugar ng trabaho

### **Mga Menor de Edad**

Ang mga taong wala pang 16 ay **hindi** maaaring magpakasal. Para sa mga aplikante na 16 at 17 taong gulang, ang pagsang-ayon ng magulang o guardian ay kinakailangan. Kailangang kumpletuhin ang isang consent form at pinirmahan ng dalawang magulang/guardian, na sinaksihan ng isang Commissioner of Oaths. Ang mga form ng Pagsang-ayon ng Magulang o Guardian sa Pagpapakasal ay makukuha sa aming tanggapan. Pakikontak nang pauna ang Tanggapan ng City Clerk tungkol sa inyong appointment para sa karagdagang impormasyon.

## **Mga Interpreter**

Ang (mga) tao na inisyuhan ng licence ay kailangang mahusay na nakapagsasalita at nakababasa ng Ingles, o kung hindi ay kailangang sasamahan ng isang interpreter. Responsibilidad ng mga aplikante na magbigay ng isang interpreter. Kakailanganin sa mga interpreter na magpakita ng ID at punan ang isang declaration form. Pakikontak nang pauna ang Tanggapan ang City Clerk tungkol sa inyong appointment para sa karagdagang impormasyon.

## **Diborsyo**

### **Diborsyo sa Canada**

Kinakailangan ang **orihinal** o **sertipikado ng korte na kopya** ng **Certificate of Divorce**. Hindi tatanggapin ang mga photocopy. Ang mga orihinal o mga kopya na court certified ay maaaring makuha mula sa korte na nagbigay sa diborsyo, at ibabalik sa inyo. Hindi tatanggapin ang isang judgement o Court Order (Divorce Order) na inisyu ng Korte – kinakailangan ang isang Certificate of Divorce.

### **Diborsyo sa Ibang Bansa**

Para sa isang diborsyo na inisyu sa labas ng Canada, ang isang Foreign Divorce Authorization mula sa Lalawigan ng Ontario ay kinakailangan. Ang prosesong ito ay maaaring gugugol ng hanggang apat (4) na linggo.

Upang makuha ang isang Foreign Divorce Authorization, ang mga aplikante ay kinailangang magsumite ng sumusunod na mga dokumento sa ServiceOntario:

- **[Marriage licence application form](#)**: nakumpleto at napirmahan
- **[Statement of sole responsibility](#)**: para sa bawat diborsyo (pinirmahan ng dalawang tao na nagpaplanong magpakasal at isang saksi)
- **Sulat ng legal opinion**: mula sa isang abogado sa Ontario, naka-address sa dalawang tao na nagpaplanong magpakasal, nagbibigay ng mga dahilan kung bakit dapat kilalanin sa Ontario ang diborsyo o ang annulment
- **Decree ng diborsyo o annulment**: ang isang orihinal na sertipikado ng korte na kopya sa Ingles o French. Kung ang decree ay nakasulat sa ibang wika, kailangang isama ang isang isinalin na kopya at ang isang apidabit na sinumpaang isang certified translator

Ang mga dokumentong ito ay kailangang i-mail nang direktso sa:

ServiceOntario  
 Marriage Office  
 PO Box 4600  
 189 Red River Road  
 Thunder Bay ON P7B 6L8

Kapag natanggap na ng mga aplikante itong *Authorization to Marry* mula sa ServiceOntario, maaari na silang mag-apply para sa isang marriage licence.

Ang karagdagang impormasyon ay makukuha mula sa aming tanggapan at sa [ServiceOntario](#).

## Karagdagang Impormasyon

Pakibisita ang [ServiceOntario](#) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapakasal sa Ontario.

Pakikontak ang Tanggapan ng City Clerk sa 905.874.2100 o mag-email sa [marriage.licence@brampton.ca](mailto:marriage.licence@brampton.ca) para sa karagdagang impormasyon.